Daycare Alvalon Sørvágs Kommuna

Maligayang pagdating sa Alvalon

Ang Daycare Alvalon ay itinatag ng bayan para sa mga bata 0- 7 ár. Ang Daycare ay nagumpisa noong 28. august 2006. May 6 na klase sa daycare, 2 nursery mula 6 na buwan hangang 3 taon at ang iba ay ibat ibang edad.

Alvalon ay bukas 7.30 ng umaga hangang 17.00 ng hapon.

Kung kailangan nyo ng aming serbisyo bago 7.30 halimbawa alas 7.00, at pagkatapos ng 17.00 hangang 7.15 ng hapon. Tumawag lng kayo sa 233240 kung kayo ay darating ng alas 07.00.

Pinahihintulutan lamang ng Sørvágs Kommuna: at ang bata ay nasa daycare lamang ng 9 na oras sa isang araw.

Pag ang bata ang susundo:

0-3 taon- 13 taong gulang

3-7 taon- 11 taong gulang

Sentro ng libangan Sýslan.

Sentro ng libangan ay sa Sýsluni. Ito ay para sa mga bata sa grade 1 at grade 2. Ito ay bukas para sa mga bata, pagkatapos nila sa paaralan hangang 17.00 ng hapon.

Ang sentro ng libangan ay sarado, kapag sarado din ang paaralan.

Ang bayad ay desisyon ng Sørvágs kommunu, at sila rin ang magsasabi kung ang bayad ay may pagbabago.

Mula 1.august 2012 ang bayad ay:

Nursery: kr. 2.300,- buwanan. Kung may kapatid. Kr.1725 Kalahating araw ng pag pasok kr. 1265

Daycare: kr. 1.825,- buwanan. Kung may kapatid. Kr.1369 Kalahating araw ng pag pasok kr. 1004

Sentro ng libangan: kr. 1100,- buwanan. Kalahating araw ng pag pasok kr. 605

Bayad: sa sentro ng libangan, ang bayad ay 10 1/2 buwan. Libre ang Juli at 1/2 August. Ang bayad ay unang araw sa

bawat buwan sa Føroya banka nr6460 - 1739338, isulat ang pangalan at numero ng bata. May diskwento ang may kapatid sa nursery at daycare: ang bunso ay 100% at ang sumusunod na mga kapatid ay 75%. Ang mga may diskwento ay para lamang sa mga bata na buong araw sa Alvalon.

Ang diskwento ay hindi para sa Sentro ng libangan.

Libreng serbisyo: maari kayong magaplay sa libreng serbisyo para sa bata.

Ang libreng serbisyo sa pag- aalaga/pagtuturo sa bata ay para sa mga may mababang sweldo sa nakalipas na isang taon o kapag ang sweldo ay biglang bumaba. Ang aplikasyon ay makukuha sa daycare.

Tanong: Kung gusto ninyong ang bata ay tumigil sa daycare, sabihin nyo ng isang buwan bago 1. araw ng buwan o 1/2 ng buwan. Sa sentro ng libangan ay isang buwan bago 1. araw ng buwan o 1/2 ng buwan.

Bakasyon: Ang magulang ay maaring mag aplay ng bakasyon, na may kumpirmasyon na mayroon pa ring lugar para sa bata sa kanyang pagbabalik. Mag aplay isang buwan bago 1. araw ng buwan o 1/2 ng buwan. Sabihin bago mag- isang buwan bago magsimula ang bata/ mga

bata.

Bakasyon sa tag-araw/summer: Sarado ang daycare 4 na lingo

Ang bakasyon ay mula 1. May hangang 30. September.

Kapag ang bata ay may bakasyon 4 na lingo ng isahan, july buwan ay libre. Kapag ang magulang ay may trabaho sa bakasyon, kapag sarado ang daycare, ay may paraan para may mag alaga sa bata. Dapat ay sumulat sa Lider bago 1. Mayo. Ang Alvalon ay nakikipagtulungan sa tag-araw/summer sa Sóljugarð at Miðgarð. Alvalon ay bukas 3. bawat summer. Walang pasok: 25. abril: 5. hunyo: 28. hulyo: 29. hulyo: 24. desyembe: 31.

Araw ng bandila mula 12.00, Ólavsøkuaftan mula 12.00

Ólavsøkudag, pasko, bagong taon, at lahat ng banal na araw.

Ang Alvalon ay sarado sa pasko hangang bagong taon.

Araw ng pagtatalakay/pagpupulong: ay 2 beses sa isang taon. Isa sa tagsibol at isa sa taglagas. Sarado ang daycare sa araw na ito.

Kapag ang bata ay nagsimula sa daycare: mahalaga na ang bata ay may magandang simula. Makakatulong ang mga magulang sa pagsama ng magulang sa simula. Maaring tumagal ng 14 na araw, ngunit ito ay mayroon ding pagkakaiba sa bawat bata.

Pasukan sa Daycare sa umaga: Mahalaga sa lahat, lalo na para sa mga bata ang magsimula ang araw ng magandang umaga. Ito ay ating makakamit sa pakikipagtulungan ng magulang at ng mga empleyado sa daycare, para mahanap ang tamang paraan kung papaano magpaalam ng tama sa mga bata sa umaga.

Mahalagang malaman ng bata na siya ay may kasama at may magaalaga sa kanya, habang ang kanyang nanay at tatay ay nasa trabaho, may magaalaga sa kanya.

Makakabuti sa bata ang magkaroon ng oras (wag masyadong magmadali) kapag hinahatid ang bata sa daycare. Sa paglalagay ng baunan sa ref, ang pag-papaalam at pag-kaway ng paalam, para makita at malaman nila na ang kanyang mga magulang ay aalis, at sila ay babalik ulit para sila ay sunduin. Ito ay magbibigay ng kasiguraduhan na sila ay babalikan. Kapag ang bata ay umiiyak, sa inyong paghatid, kapag nagpaalam na, huwag nag bumalik ulit, dahil pareho lamang kayong mahihirapan sa muling pagpapaalam/paghihiwalay.

Ang bata ay pinapayagang umiyak. Kaya sila ay aming kinukuha at pinapalakas namin ang kanilang loob (comfort) na siya ay babalikan. Alam namin na mahirap mag-paalam sa ibang pag- kakataon, kami ay malugod na tumatangap ng tawag mula sa inyo, kung gusto ninyong malaman, kung gusto ninyong kumustahin ang inyong anak.

Mula sa aming karanasan, ito ay matatapos din kaagad, at ang bata ay mag-lalaro rin pagkatapos ng paalamanan.

Mahalagang malaman namin, kung ano ang kalagayan ng bata, kung nakatulog ba ito, nakakain at iba pa. Para maintindihan namin ang bata, mahalagang malaman din namin ang problema o pangyayari sa bahay, na magbibigay ng dahilan o sanhi ng pangyayaring magaganap sa pang araw-araw.

Mahalagang kami ay inyong sabihan, kapag sinusundo nyo ang bata, para malaman namin na ang bata ay pauwi na. Kapag ibang tao ang susundo sa bata, kami ay inyong sabihan. Hindi namin papauwiin ang bata sa ibang tao, kapag hindi nyo kami sinabihan na iba ang susundo. Kapag ang bata ay gustong dumalaw sa bawat isa, sabihan nyo rin kami, para malaman namin ito.

Pagtutulungan: Napakahalaga na lahat ay nagtutulungan na magkakasama. Kung kayo ay hindi masaya (thrive), hindi rin magiging masaya ang bata dito. Kaya mahalagang ang lahat ay nag-uusap, tapat at prangka sa isat-isa, kapag kayo ay may hindi nagustuhan, kami ay inyong sabihan. Binibigyan namin ng halaga na ang ating mabuting pakiki-ugnayan. Ang inyong kritiko at kuro-kuro (idea/point of view) ay malugod naming tinatangap.

Oras ng pasukan: Dahil sa aming trabaho ang bata ay dapat nasa Daycare ng hindi lalagpas ng 9.30 ng umaga. Ang mga bata, na nasa daycare, ay kasali sa ibat-ibang

aktibidad o gawain sa labas at loob ng Daycare. Kami ay inyong tawagan, kapag ang bata ay hindi papasok, gustong mag-absent,may sakit o mahuhuli sa pag pasok (hindi namin tinatangap ang sms lang).

Dapat ninyo itong gawin bago 9.30 ng umaga. Kayo ay makakatangap ng sagot alas 10.00, pagkatapos ng pagtitipon(samling).

Ang mga bata sa panghapon ay papasok mula 12.25 at 13.00. Ang mga bata ay dapat nakakain na bago sila pumasok.

Ang mga batang pang- umaga lang ay dapat sunduin hangang 12.30.

Kapag may sakit ang bata:

Hindi namin tinatangap ang batang pumasok kapag may sakit, dahil baka makahawa sila ng ibang bata, at kapag ang bata ay may sakit kailangan nila ng katahimikan at pag-aalaga.

Kung ang bata ay may sakit, kailangan naming malaman ito. Tulad ng nakakahawang sakit, tulad ng singaw sa balat, kuto, pananakit(infection) ng mata, pananakit ng bibig, may-bulati at iba pa. Maaring pumasok ang bata, kapag ito ay nagsimula nang uminom ng gamot o nag papagamot na.

Tingnan/basahin ang polyeto(pamphlet) ng patakaran, ito ay matatagpuan sa bawat klase/kwarto. Kami ay hindi nagbibigay ng gamot sa mga bata. Kapag ang bata ay may

sakit, masama ang pakiramdam o nilalagnat/lalagnatin, kami ay pwedeng tumawag sa inyo, kapag sa aming tingin ay hindi maganda ang pakiramdam ng bata na manatili sa daycare.

Kapag may nangyari sa bata sa Daycare, at sa tingin namin ay kailangang tumawag ng doktor, kayo ay aming tatawagan.

Pagkain: Ang bata ay kailangang may baon. Ang mga bata ay binibigyan ng prutas tuwing umaga mula 8:30 at alas 9.00, miryenda mula 14.00 at 15.00. Mayroon kaming taga-gawa ng miryenda, na gumagawa ng masustansyang pagkain. Importante sa amin, na ang baon ng mga bata ay masustansya, tulad ng tinapay na senteno(rye) at gulay, pwede rin silang mag baon ng pagkain na ipapainit para sa kanila.

Nursery: pacifier, bote, pagkain/lugaw, lampin o gatas ay dapat dalhin ng magulang sa daycare.

Lahat ng mga bata ay natutulog sa labas. Ang nursery ay may karwahe ng bata kung saan sila natutulog.

Kaarawan:Kung ang bata ay may kaarawan, kami ay malugod na tumatangap ng keyk, sorbetes, kendi/minatamis at iba pa. Kami ay inyong sabihan sa magandang panahon.

Laruan: Magulang/bata ay may pananagutan sa laruan, na dala sa daycare.

Damit: Importante na ang bata ay may sapat na damit na pampalit, tulad ng damit pang- ulan, botas, guwantes,

sombrero o medyas. Ang mga magulang ang may pananagutan sa kabinet ng bata, na kompleto lahat ng kailangan mga damit. Ang pang winter na oberol(drakt), kapote/ damit pang- ulan at botas ay dapat naka-bitin sa kwarto para sa mga basang damit.

Dahil mahalaga sa amin ang kalinisan, sinusubukan namin sa aming makakaya na pigilan ang pag kakasakit, Kaya kami ay nakikiusap na i-uwi ninyo ang lahat ng mga damit ng bata tuwing biyernes, para mahugasan ng taga-linis ang mga kabinet ng mga bata.

Para sa kaligtasan ng mga bata, ang bandana, tali, plastikbag at iba pang katulad ay hindi pinahihintulutan sa daycare.

Dapat ay may pangalan lahat ng damit ng mga bata.

Balangkas(Structural framework)

Pagpupulong ng mga magulang: Ito ay nagaganap dalawang beses sa isang taon, isa sa tagsibol at isa sa taglagas. Sa taglagas, dito namimili ng mga magulang na kumakatawan sa lahat ng ibang magulang(parent's council). Sa pagpupulong ng mga magulang ay may paksang pinag uusapan, na makakabuti/makakadagdag sa kaalaman ng bawat empleyado sa daycare at mga magulang. Ito ay importante, kaya gusto naming isa man lamang sa mga magulang ay makadalo sa pagpupulong. Kami ay nakikisuyo na kami ay inyong sabihan, kung kayo ay hindi makakapunta sa pagpupulong.

Meryenda/kape para sa magulang: ang impormasyon ay inyong mababasa sa tabla ng paunawa(notice board) ng daycare.

Araw para sa hardin: Ang daycare, kasama ng parent's council ay nakatoka na pagsasa-ayos ng hardin, isang araw sa isang taon. Dagdag kaalaman mula dito ay nakatala sa tabla ng paunawa.

Ang Disyembre sa Alvalon: Ang pagdiriwang namin ng pasko ay sa una o pangalawang linggo ng disyembre. Ang Jólaløta(Christmas moment) ay para sa mga bata at empleyado ng Alvalon, kung saan mayroon kaming bisita na magkukwento tungkol sa evangelio para sa araw ng pasko. Pagkatapos ay kakain kami ng paskong hapunan sa

Alvalon.

Layunin: Ang aming tungkulin as sumusunod sa batas para sa daycare artikulo 2 at alituntunin ng aming trabaho sa daycare, mula 4. ng Mayo 2006, artikulo 3. Artikulo 2 ng batas ng daycare: Ang layunin ng aming trabaho sa pagtuturo sa daycare ay: ang pag-aalaga, kaligtasan, magandang uri ng kapaligiran para sa mga bata, ang turuan at alagaan ng mabuti ang mga bata, sa pakikipagtulungan ng mga magulang para mabigyan ng kristiyano at maayos na pagaalaga. Para mapabuti ang bata, pag-papaubaya, pagkakapantay-pantay at demokrasya. Mabigyan ang mga bata ng ibat-ibang karanasan, pakikilahok, may panagutan, may karapatan o pagkakaroon ng mabuting kaugnayan sa demokratikong lipunan. Ang mabuo o mapatibay ang pagkamalikhain ng mga bata na may pagsaalang-alang sa kanilang pagkakakilanlan, paggalang sa sarili, abilidad na hindi lamang umaasa sa iba, sa mapayapa at nakikipagtulungang paraan. Na ang mga bata ay may malusog, masigla at aktibong kapaligiran sa loob at labas ng Daycare, para sa aktibidad na husto sa kanilang edad at kakayahan. Sa pakikipagtulungan sa mga magulang na mapatatag/mapatibay ang ibat ibang kakayahan ng bata, para mapalapit sa kalikasan.

Seksyon 2. Ang ministro sa Faroe Island ay nagbibigay sa municipalidad ng payo para sa tanong tungkol sa pagtuturo(pedagogical questions).

Executive order mula 2006, artikulo 3: seksyon 1. Ang Daycare ay dapat magpaliwanag kung ano ang kanilang layunin sa kanilang pagtuturo, ayon sa edad ng mga bata at kung papaano nila ito gagawin.

Seksyon 3. Ang mga magulang ay dapat may lubos na kaalaman sa mga nagaganap sa Daycare sa pang araw-araw.

Ang website ng Alvalon ay: www.alvalon.fo

Ang principal sa Alvalon ay si Gitta av Kák tlfnr. +45 233240 /363240

Ang vice-principal ng Alvalon tlfnr: +45 233248

Head of department sa Frtsk. Sýsluni : tlf 233247

Stóralon: 233246 Barnalon: 233245 Barnaból: 233244 Barnabyli: 233243 Pinkuból: 233242 Lítlalon: 233241